Mga Madalas na Katanungan (FAQs) para sa mga Magulang

Bakit Mahalaga ang mga Nakagawiang Bakuna

1. Dapat bang kunin ng aking anak ang mga nakagawiang bakuna habang may mga kaso pa ng COVID-19 sa LA?

- Oo, ang mga pagpapabakuna at maayos na pagbisita ng bata ay mahalaga para sa lahat ng mga bata at lubhang kinakailangan para sa mga wala pang dalawang taong gulang. Tinutulungan nito ang iyong anak na manatiling ligtas at malusog. Pinoprotektahan sila nito mula sa malulubha at nakapipinsalang mga sakit tulad ng tigdas, beke, at *pertussis* (ubong mahalak).
- Kung may ilang bakuna ang nakaligtaan ng iyong anak, ngayon ang mainam na oras para makahabol.
- Para sa listahan ng mga bakuna na kailangan ng mga bata batay sa edad, bisitahin ang www.cdc.gov/vaccines/schedules/parents-adults/resources-parents.html.

2. Saan ko maaaring dalhin ang aking anak para makakuha ng kanilang mga nakagawiang bakuna?

- Maaaring makuha ng iyong anak ang kanilang mga bakuna mula sa kanilang doktor o sa isang lokal na parmasya. Kung wala kang seguro sa kalusugan (health insurance) o regular na doktor para sa iyong anak, maaari kang pumunta sa isang libre o murang klinika sa pagpapabakuna. Bisitahin ang publichealth.lacounty.gov/ip/clinics.htm o tawagan ang linya ng impormasyon (Info Line) ng Los Angeles sa 2-1-1 upang makahanap ng klinikang malapit sa iyo. Ang linya ng impormasyon (Info Line) ay magagamit ng 24 na oras sa loob ng isang araw at nagbibigay ng impormasyon sa maraming wika.



3. Dapat bang magpabakuna sa COVID-19 ang aking anak?

- Oo. Ang pagpapabakuna sa mga bata ay pumoprotekta sa kanila mula sa pagkakaroon ng COVID-19 at pagkakasakit o pagkakalat ng virus sa iba. Sa ngayon, ang mga batang edad 12 pataas ay maaaring magpabakuna ng Pfizer sa COVID-19.
- Bisitahin ang VaccinateLACounty.com para sa impormasyon na para sa mga magulang at mga detalye kung paano mababakunahan ang mga bata.

4. Maaari bang sabay na mabakunahan laban sa COVID-19 at iba pang mga sakit ang aking anak?

- Oo. Ang bakuna sa COVID-19 ay maaaring ibigay nang sabay sa iba pang mga bakuna o sa magkakaibang oras. Ang iyong anak ay hindi kailangang maghintay sa pagitan ng pagkuha ng bakuna sa COVID-19 at iba pang mga bakuna, kabilang ang bakuna sa trangkaso.

5. Kakailanganin ko ba ang mga tala (records) ng pagbabakuna ng aking anak kapag sila ay nagparehistro sa paaralan?

- Oo. Sa taong ito, ang lahat ng mga mag-aaral na papasok sa ika-1 at ika-8 grado, pati na rin ang papasok sa kindergarten, at ika-7 grado, ay kakailanganing magpakita na kanilang natanggap na ang lahat ng mga nakagawiang bakuna na iniaatas. Para sa mga detalye, bisitahin ang www.shotsforschool.org.